

Editoryal

ANO ANG MUSIKA

Para sa isang Pilipino, ang musika ay tunog ng kundiman, balitaw, jazz, banda, rondalya o orkestra. Ang damdamin ng mga tugtog na ito ay damdamin ng mga Pilipino. Nauunawaan at buhay sa loob niya ang mga kahulugan at kaukulan ng mga tunog nito.

Nguni't ang musika ay tunog din ng mga patunog sa bibig (kubing), mga nakabiting gong (agung), tablang nasa ibabaw ng trosong may guwang sa loob (edel), lapad na tansong gong na walang umbok (gangsa), isang hanay ng maliliit na gong (kulintang), o kitarang dalawa ang kwerdas (kudyapi). Ang musika ay awit din na inihahagod na paitaas ang tinig, awit na parang nagsasalita, awit na impit ang tinig, at awit na lumalabas ang tunog sa ilong.

Ang musika ay hindi lamang mga tunog at awit. Ang musika ay isang palaisipan, isang damdamin at isang gawain ng tao — isang gawaing pinag-uukulan ng awit upang anyayahan ang mga anito na sumaklaw sa ikalulusog ng katawan ng isang taong maysakit. Ang damdamin ng tunog ng gong ay nagpapa-hiwatig ng sari-saring mga pagdiriwang (kasalan, kasunduan, pista, pag-aani ng palay.) At ang tunog ng isang kudyapi ay nauukol sa mga kilos at galaw ng mga hayop at sa pagliligawan ng mga dalaga at binata.

Ang mga kahulugang ito ng musika ay limot na ng madlang Pilipino. Ang palaisipan ng musikang ito ay hindi lamang tungkol sa mga gawaing-bukid, pistahan, dasalan o pagpapagaling ng isang maysakit. Maaaring baguhin at maiukol ang musikang ito sa mga gawaing pangkasalukuyan. Halimbawa, maaaring tugtugin o isahimpapawid ang daan-daang kubing upang marinig sa mga transistor at radyo sa opisina, sa mga malalaking gusali, sa bangko, mga commercial center, sim-

EDITORIAL

bahan, restoran, sasakyan, estasyon ng trak o sa eroplano. Kung ang maririnig sa buong Pilipinas ay mga iba't ibang tunog na hango sa kapaligiran ng mundong Asyano, at kung ang kahulugan, damdamin o pilosopiya ng tunog na ito ay may tinutungong layuning higit na matataos kaysa sa mga kaakit-akit na tunog ng consumer music, ang musikang ito ang maaaring magbigay-landas sa panibagong palaisipan at pagtingin sa buhay. Ang musikang ito, luma man o bagong likha, at hinango sa karanasan ng mga matatandang kultura sa Asya, ang siyang kinakailangang bigyan ng pansin ng mga Pilipino — pakinggan, pag-aralan, pasiglahin at iugma sa kabuhayan ngayon. Ang pinakamalalim na kahulugan ng musikang ito ang siyang magiging gabay natin sa buhay sa kinabukasan, at siyang makapagbibigay-lakas upang hindi tayo malinlang o masilaw sa teknolohiya, sa pangangalakal, at sa materyalismong laganap sa buong mundo ngayon.